# HAPPY BIRTHDAY, GOV. ATOY




# BATINGAW

DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MAYO 2008

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"

Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



**nasa loob**

EDITORYAL 4

PIKTORYAL 5

Salamat Gob p
HELP column 2


## 492 pasaporte naiisyu

sa single mobile passport activity sa Camarines Norte pinakamataas sa loob ng 18 taon - DFA RCO

Basahin sa pahina 9

# Mga opisyal, kawani ng Kapitolyo, at iba pa nakisaya sa pagdiriwang ng kaarawan ng gobernador dito













Gov. Jesus O. Typoco, Jr.

Dinagsa ng mga hepe at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan ang opisina ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. upang bumati sa kanya nang isang maagang kaarawan noong ika-12 ng Mayo.

Nagdala rin ang ilang tanggapan dito ng kani-kanilang handog para sa gobernador na lubos namang nagpasalamat sa kanilang patuloy na pagpapakita ng pagsuporta sa kanyang administrasyon.

Bumati rin kay Gob. Typoco ang mga opisyal mula sa iba't-ibang pamahalaang bayan at barangay sa lalawigan .

Naghanda naman ng pananghalian ang gobernador para sa mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at iba pang mga panauhin nito.

Maliban dito, nagkaroon din ng isang malaking selebrasyon nang dakong gabi na sa tahanan ng gobernador sa Brgy. Bagasbas, Daet.

Dumalo rito ang kanyang mga matatalik na kaibigan, matataas na opisyal ng lalawigan, mga pinuno ng iba't-ibang ahensya rito at masusugid nitong mga taga-suporta. Nakiisa rin sa pagdiriwang ang mga lokal at dayuhang mamumuhunan na nakabase rito sa Camarines Norte.

Sa mensahe ng gobernador sa kanyang kaarawan, pinasalamatan nito ang lahat na dumalo at nakisaya sa kanyang kaarawan at lahat na patuloy na nagtitiwala sa kanyang administrasyon.

Nagbigay rin ng kani-

(Sundan sa pahina 7)

# 1st Bagasbas Summer Surfing





Edgardo "Boy" Reyes
Provincial Tourism Officer-Designate

Naging matagumpay ang 1st *Bagasbas Summer Surfing* na isinagawa noong Mayo 24-25, 2008 sa Bagasbas Beach, Brgy. Bagasbas, Daet, Camarines Norte na dinaluhan at nilahukan nang uma-abot sa 200 *surfing enthusiasts* mula sa Metro Manila,

(Sundan sa pahina 7)

# Sahod ng Gov't Workers tataas pa



Budget Sec. Rolando Andaya

Kung nangangapa pa sa dilim ang mga manggagawa sa mga pribadong establisimyento, mistulang naka-*jackpot* naman ang mga empleyado ng gobyerno dahil inaasahang tataas pa ang kanilang suweldo sa 2009-2010.

Matapos ihayag ng Malacañang ang 10 porsiyentong umento sa mga kawani ng pamahalaan na magiging epektibo simula sa Hulyo 1, inihayag kahapon ni Budget Sec. Rolando Andaya Jr. sa pagdinig ng *House Committee on Appropriations* ang inaasahang dalawang taon pang umento sa kanilang *basic pay* mula 2009 hanggang 2010.

*"Two more pay hikes for government employees are being planned and will be implemented in 2009 and 2010,"* ani Andaya sa pagdinig ng komiteng pinamumunuan ni Albay Rep. Edcel Lagman.

Ginawa ni Andaya ang pahayag sa komite kung saan kanilang isasama sa deliberasyon ng Pambansang Badyet sa 2009 ang halagang kakailanganin sa umento.

*"The parameters of the 2009 Budget are now being prepared at the agency level."* ani Andaya na nagsabing P80 Bilyon and itatabing pondo para rito. Ipinaliwanag ni Andaya na isasama sa bagong *Salary Standardization Law* ang umentong gagawin sa 2009 at 2010.

Sinabi pa ni Andaya na layunin ng bagong *Salary Standardization Bill* na isama sa umento ang lahat ng mga manggagawa alinsunod sa prinsipyo ng pagkakapantay-pantay.-***PIACNorte***

# Populasyon ng CNorte 513,785 na

Mahigit kalahating milyon na ang populasyon ng lalawigan ng Camarines Norte o kabuuang bilang na 513,785 base sa pinakahuling *survey* na isinagawa ng *National Statistics Office (NSO)* noong Agosto 2007.

Nagtala ng pinakamaraming populasyon ang bayan ng Daet na umaabot sa 94,184; sumunod ang bayan ng Labo na may 88,087; Jose Panganiban, 49,028; Paracale, 46,856; Mercedes, 44,375; Sta. Elena, 40,300; Vinzons, 39,653; Basud, 36,763;

*(Sundan sa pahina 7)*

# Jobs Fair, idinaos dito

*On- the -spot* na natanggap sa trabaho ang 56 na mga aplikante sa isinagawang *Provincial Jobs Fair* noong Abril 3-4, 2008 sa *Provincial Agro Sports Center* na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Provincial Employment Services Office (PESO)* na nasa ilalim ng *Provincial Planning and Development Office*. Naisagawa ito sa pakikipagtulungan ng *Department of Labor and Employment (DOLE) Daet Field Office.*

Umabot sa 488 ang mga aplikanteng nakapagparehistro at sa bilang na ito, 139 ay naghihintay na lamang ng tawag para sa *final interview* upang ganap na matanggap sa trabaho.

May kabuuang 4,503 *job vacancies* ang inihain dito ng 12 kumpanya at *recruitment agencies* na dumating at lumahok sa

*(Sundan sa pahina 8)*


# Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | |
|---|---|---|
| March 3 2008 | - May M. Ocampo, student of CNSC for her tuition | P 1,000.00 |
| | - PB Nelson N. Zabala, Brgy. Alawihao, Daet for the interment of Mr. Benjamin Otto of Purok 8 | 400.00 |
| | - PB Lolito Solana, Brgy. Bagasbas, Daet for Brgy. Assistance | 20,000.00 |
| 12 | - PB Jose O. Macale, Jr. of Brgy. Mampurog, San Lorenzo Ruiz for prizes to the Grand Amateur Singing Contest | 1,000.00 |
| | - Cecilio Oroña of Brgy. Bagong Silang, Labo for hospital bill of Nenita Oroña | 1,000.00 |
| | - Eugene Leonen assistance to the group of Apostles during the Lenten period | 2,000.00 |
| | - Ramon Yarte of Brgy. Camambugan, Daet for burial assistance to Federico Realingo | 1,000.00 |
| 17 | - Blesilda Nava of Mabini College for her tuition fee | 4,853.95 |
| | - Marie Antonette of Mabini for her tuition fees | 4,876.51 |
| | - Frederick B. Raquel of Bicol Campus Crusade for Christ-Daet for his Mission Outreach Project | 500.00 |
| 18 | - Jessie Bermas of Mabini Colleges for his tuition fees | 7,000.00 |
| | - Marjorie A. Gutierrez, SK Chairman of Brgy. San Jose, Basud for their Induction and Mass Oath Taking Ceremony | 1,500.00 |
| | - PB Noel S. Apolinario, Jr. of Brgy. 6, Mercedes for the prizes to the Paraw Regatta | 2,000.00 |
| | - Councilor Arthur C. Canlas, JPNHS GPTA President for prizes to their Bingo Socials | 5,000.00 |
| | - Vice Mayor Dindo V. Pardo of Labo for the First Prize Award during the Grand Finals of Tuklas Galing sa Pag-awit | 12,000.00 |
| 19 | - Shirley Aldave, Court Stenographer III of RTC Branch 64, Daet national Convention and Seminar | 2,000.00 |
| 24 | - Fr. Francisco Gan by Ed Linquian for the renovation project of Our Lady of Peace and Good Voyage Parish at Banocboc, Vinzons, Cams. Norte | 5,000.00 |
| | - Antonio S. Borigas of Brgy. Manguisoc, Mercedes for the repair of his fishing boat | 1,000.00 |
| | - Remedios L. Tuazon of Brgy. Hinipaan, Purok 5 of Mercedes for the purchase of paints | 500.00 |
| | - Elvira C. Factor, Chairperson of CNSC Supreme Student Council for the Search for Mr. & Ms. CNSC 2008 | 5,000.00 |
| | - Nancy A. Paycana for Rachelle Leanne Quiñones , University of Nueva Caceres, for her tuition fees | 9,410.50 |
| 25 | - Anthony A. Zaleta, President Alumni Council of Alpha Kappa Rho-AKP Camarines Norte Council for their Induction Ceremony | 500.00 |
| 26 | - Melchor Canaria, Administrative PTR of Jesus Our Hope International Assemblies of God, Sta. Rosa, Jose Panganiban, for their church | 2,000.00 |
| | TOTAL | P 90,540.90 |

| | | |
|---|---|---|
| April 1 | - Herminigildo B. Tonga of Brgy. Malaya, Labo for their Fiesta Celebration | P 1,000.00 |
| | - Rowel Montuya of Brgy. 1, Daet, (Ilaod Lakers Team) for their Basketball Team | 500.00 |
| | - Romeo Pumariga of Brgy. Gahonon, Daet (Kamikaze Team) for their Basketball Tournament | 500.00 |
| 2 | - Nanette Pesonila, SK Chairman of Brgy. Cabatuhan, Labo for a Basketball Tournament | 500.00 |
| 8 | - Rebecca Abrenilla of Pentecostal Missionary Church (4th Watch) for the Annual Youth & Adult Camp 2008 | 500.00 |
| 17 | - PB Fernando Asutilla of Brgy. Apuao, Mercedes | 1,000.00 |
| 18 | - Joymarc A. Yaneza of Brgy. 1, Daet for a Basketball Tournament | 500.00 |
| | - Kgd. Dario N. Pura of Brgy. Camambugan, Daet for the Annual Pasiklaban sa Camambugan (Inter-Purok Sportsfest) | 500.00 |
| | - Nikko Yanesa, Coach of San Roque Team Junior of Brgy. I for a Basketball Tournament | 500.00 |
| | - Jed Rollie Magana, Chairman of Parish Pastoral Council of Talisay for the Annual Diocesan Youth Day | 1,000.00 |
| | - Mr. Max Gomez of GSO for burial assistance of daughter Ms. Sarah Gomez | 1,000.00 |
| | - Mr. Manuel Flores of Brgy. Guisican, Labo for medicine assistance | 2,000.00 |
| | - Ms. Editha T. Ng of RTC Branch 40 for the 5th National Convention and Seminar of Court Stenographic Reporters Association of the Philippines (COSTRAPHIL) | 3,000.00 |
| 21 | - Rafael Ramos Jr. of Brgy. Malaguit, Paracale for the processing of the Purchased Lot | 5,000.00 |
| | - Henry Topular Ex PB of Brgy. Tarum, Mercedes for medicine assistance | 500.00 |
| | - Shiela C. Pardo, SK Chairman of Brgy. V, Daet for the Inter Color Basketball Tournament & Summer Youth Camp 2008 | 500.00 |
| | - Adelfa Rigon of Brgy. BinanuaanTalisay for the BTK Team | 500.00 |
| | - Mila S. Sanchez of RTC Branch 39 for the 5th National Convention & Seminar of Court Stenographic Reporters Assn. of the Philippines (COSTRAPHIL) | 2,000.00 |
| 30 | - Cariza Ann M. Carascal of CNSC-College of Engineering and Ind. Tech. | 2,470.00 |
| | - Linda D. Rodriguez of Brgy. Sta. Elena, Talisay for fare to Manila | 1,000.00 |
| | - Marianne Ruvic C. Ricafrente of Brgy. IV, Daet for Prize to the Search for Ms. Global Gay 2008. | 1,500.00 |
| | - Ruel A. Nael of Brgy. Pambuhan, Mercedes for the Summer Youth Camp | 1,500.00 |
| | - Jomel M. Tarrobago for the Battle of the Gun Clubs | 10,000.00 |
| | TOTAL | **37,470.00** |

| | | |
|---|---|---|
| May 2 | - Elizabeth E. Alfane of Basud for her gifted child Joane Isabel—fare to Manila | P2,000.00 |
| | - Monique B. Sabio of Purok 2, Brgy. Camambugan, Daet for the Search for Ms. Camambugan 2008 | 1,000.00 |
| | - Rommel Capistrano, Cathechist of Quasi Parish Isidore the Farmer of Brgy. Manguisoc, Mercedes for Liturgical Formation and Vocation Awareness and Sportsfest | 1,000.00 |
| | - Noel B. Tanierla of Sovereign Grace Bible Baptist Church for the Youth Convention | 1,000.00 |
| 12 | - PB. Manuel J. Villamonte, Brgy. Awitan, Labo for the Inter-Purok Evaluation activity | 1,500.00 |
| | - PB. Visitacion C. Maligat, Brgy. Malatap, Labo for the Awarding of a Basketball Tournament | 1,000.00 |
| 19 | - PSI Eugene H. Extremadura of San Vicente for his tuition fee at the College of Law | 10,550.00 |
| 20 | - PB Edgardo B. Morales, Brgy. Bactas, Basud for the different fiesta activities | 2,000.00 |
| | - Elena Dy of Purok 1, Brgy. Mantagbac for different activities | 1,000.00 |
| | - Ronilo Linga of Brgy. IV for the Inter-Purok Summer Youth Basketball Tournament | 500.00 |
| | - Kgd. Aleli M. Belleza, Chairman-Comm. on Amateur Singing Contest of Brgy. Bibirao, Daet for prizes to their singing contest | 3,000.00 |
| | - Azucena B. Imperio, BASCA President of Brgy. San Rafael, J. Panganiban for their livelihood project | 2,000.00 |
| 22 | - Luis F. Sayson for Arthur Teves of CFC Singles for Christ for the SFC 13th Anniversary | 1,000.00 |
| | - Rommel M. Salva of Brgy. Cobangbang, Daet for their fiesta activities | 500.00 |
| | - Silvestre Aborde, Jr. of Brgy. Bactas, Basud for their fiesta activities | 1,000.00 |
| 23 | - Kgd. Eden Teope of Brgy. 1, Mercedes for their fiesta activities | 500.00 |
| | TOTAL | 29,500.00 |
| | **GRAND TOTAL** | **90,540.00** |



# Provincial Library, Bahagi ng Buhay at Tagumpay ni Ricky Lee




***Si Mr. Ricky Lee (dulong kaliwa) kasama si Drew Arellano ng programang "Balikbayan" ng QTV Channel sa taping ng panayam sa kanya na kinunan sa Cams. Norte Provl. Library; Sina Drew Arellano at Mr. Ricky Lee habang nagkukuwentuhan sa pagitan ng 'break' sa shooting ng episode ng naturang TV program na nagtatampok kay Mr. Ricky Lee bilang isang batang ipinanganak at lumaki sa Camarines Norte na nangarap, nagsikap, nagtagumpay at sa tuwina'y nagbabalik sa kanyang minamahal na bayan.***



Si Ricky Lee ay kinikilala sa buong bansa bilang isang sikat at matagumpay na alagad ng sining sa larangan ng pagsusulat o *"script writing"*.

Ipinanganak mula sa isang mahirap na pamilya noong Marso 19, 1947, purong Intsik ang kanyang ama na si Dy Hian San mula sa Daet at Pilipino naman ang kanyang ina na si Clarita Arreola na mula sa Goa, Camarines Sur.

Maaga siyang naulila sa edad na limang taon lamang. Kinupkop at inaruga siya ng kanyang tiyahin na si Leonor Arreola na may tindahan sa tapat nang sa ngayon ay *UCPB – Daet Branch.*

Bilang pagtanaw ng utang na loob sa pag-aaruga at pagkupkop sa kanya ng kanyang tiyahin, siya, kasama ang mga pinsan ay tumutulong sa pagtitinda.

Likas na mahilig magbasa, isinisingit niya ang pagbabasa sa mga oras na walang namimili sa tindahan. Dala ng kahirapan, hindi rin niya magawang manuod ng pelikula kaya tumatayo na lang siya sa labas ng sinehan at nakikinig ng dayalogo ng pelikulang ipinalalabas sa pamamagitan ng ispiker na nasa labas ng sinehan.

Bilang mag-aaral, kinakitaan din siya ng mga guro ng tiyaga at kasinupan sa kanyang pag-aaral sa *Chung Hua High School*. Paano nga ba siya makalilimutan ng kanyang mga guro noon eh, siya lang naman ang estudyanteng laging may dala-dalang diksyonaryo.

Dahil sa likas na hilig sa pagbabasa, naging regular na panauhin si Ricky Lee ng *Camarines Norte Provincial Library (CNPL).* Sa kanyang murang edad ay nasalamin agad ang urbanidad sa kanyang pagkatao kumpara sa mga batang kasing edad niya. Siya'y mahinahon sa pagkilos at malumanay sa pananalita. Ito ang dahilan kung kaya't siya at ang kanyang mga pinsan ay malayang nakagagamit at nakahihiram ng mga aklat sa *Provincial Library*, bagay na kanyang ikinatuwa at pinasalamatan. Hanggang ngayon ay baun-baon pa rin niya sa kanyang alaala ang mga pangyayaring iyon.

Kaya't bilang pagtanaw ng utang na loob, si Ricky Lee ay nagpapabalik-balik sa ating lalawigan at nagdadala ng mga aklat at babasahin sa *CNPL* para sa mga kabataan at mag-aaral sa lalawigan. Pinapangarap din ni Ricky Lee na sa pamamagitan nito, ang Camarines Norte ay makahuhubog pa ng mga kabataang katulad niya na titingalain din sa larangang kanyang pinili.

Matatandaan din na noong taong 1966, nalathala sa *Filipino Free Press* ang *short story* na unang isinulat ni Lee. Dito niya natanggap ang unang bunga ng kanyang pagsisikap bilang manunulat sa halagang limampung piso (P50).

Nabigyan siya ng kauna-unahang *break* bilang *scriptwriter* noong 1973 nang kunin siya ni Joseph Estrada para gawin ang *script* ng pelikulang *"Dragnet"* kung saan binayaran siya ng halagang tatlumpung libong piso (P30,000.00).

Nadama niya ang pagiging ganap na *scriptwriter* noong 1979 nang sunud-sunod niyang gawin ang mga malalaking pelikulang tulad ng ***Jaguar*** na pinagbidahan ni Philip Salvador, ***Himala*** ni Nora Aunor, ***Muro Ami*** at ***Rizal*** ni Cesar Montano, ***Salome*** ni Gina Alajar, ***Madrasta*** ni Sharon Cuneta, ***Anak*** ni Claudine Barreto, ***Dubai*** ni Aga Muhlach, ***Gumapang ka sa Lusak, Bagong Buwan, Brutal, Moral, Karma, Private Show, Relasyon, Macho Dancer, May Nagmamahal Sa 'Yo, Bulaklak ng Maynila*** at ***Death Row***.

Nakasama rin niya sa trabaho ang pinakamahusay na direktor sa industriya ng pelikula tulad nina Lino Brocka, Marilou Diaz-Abaya, Laurice Guillen, Ishmael Bernal, Gil Portes, Chito Roño, Joel Lamangan, Rory Quintos, Olivia Lamasan at Mel Chionglo.

Isinulat din niya ang *telemovie* na *"Lucia"* para sa *British Broadcasting Corporation* at ang *short film* na "Oca" para sa *United Nations Children's Fund (UNICEF)* na pawang idinirek ni Lino Brocka.

Mula 1979, nakagawa si Lee ng *90 film scripts* na pawang naisa–pelikula kung saan ginawaran siya ng 40 tropeo ng iba't ibang *award-giving bodies* (lupong nagbibigay ng mga parangal) bilang pagkilala sa kanyang husay bilang *scriptwriter*.

Bukod sa pagiging *scriptwriter*, isa rin siyang *fictionist, journalist* at *playwright* na naging dahilan upang tumanggap siya ng mga parangal mula sa *Philippine Free Press, Palanca* at *National Book Awards*. Maging ang *Cultural Center of the Philippines (CCP)* ay pinarangalan si Ricky Lee bilang isa sa *100 Centennial Awardees* nito. Kabilang din siya sa Gawad Balagtas Awardee 2000 ng UMPIL.

Samantala, ilan sa mga isinulat niya at nailathala ay ang ***"Si Tatang at Mga Himala ng Ating Panahon"*** (antolohiya ng ilang natatangi niyang gawa sa loob ng 20 taon**)**, ***"Salome"*** at ***"Brutal"*** (unang dalawang aklat ng *screenplay*) at ***"Pitik-Bulag sa Buwan ng Pebrero"*** (isang dula).

Si Lee rin ang may akda ng ***"Trip to Quiapo"***, isang manwal sa *scriptwriting* na nailathala noong 1998 at ngayon ay bahagi na ng mga *communication courses* sa Pilipinas.

Siya ang *creative manager* ng *ABS–CBN* para sa ***"Lobo"*** at ***"Maging Sino Ka Man"***, at *creative consultant* ng *Star Cinema,* at *head writer* ng ***"Maalaala Mo Kaya"*** at ***"Recuerdo de Amor"***.

Malayo na nga ang kanyang narating pero nakasanayan na niya ang lumingon sa kanyang pinanggalingan. Marahil ay higit niyang nararamdaman ang tamis ng tagumpay sa ganitong pagbabaliktanaw, bitbit ang bunga ng kanyang sipag at talino sa mahabang panahon ng kanyang pagsisikap.

Sa mga tagumpay at pagkilala na kanyang tinatamasa, dalawang bagay lang ang gusto niyang sabihin at ipaabot sa mga nagnanais maging *scriptwriter* - patuloy na magsaliksik sa pamamagitan ng pagbabasa at igalang ang emosyon sa pagsusulat.

Bilang pagkilala ng *CNPL* sa patuloy na tulong ni Lee, isang bahagi nito ang pinangalanang *Ricky Lee Corner* na naglalaman ng mahigit 500 uri ng mga aklat, 170 isyu ng *Readers Digest*, at 500 piraso ng mga *foreign* at *local magazines*. Lahat nang ito ay kusang-loob na ibinigay ni Ricky Lee para sa kanyang mga kababayan sa Camarines Norte.

Samantala, maaalaalang noong Pebrero 5-6, 2008 ay nagsagawa siya ng libreng *Scriptwriting Workshop* para sa 30 kabataan sa *Chung Hua High School* sa layuning maibahagi ang kanyang talino, makapukaw ng pagkahilig at makadiskubre ng mga bagong talento sa larangan ng *scriptwriting*.

Kasabay nito isinagawa rin ang *Ricky Lee Film Festival* sa *Central Plaza Mall* noong Pebrero 4-11, 2008. Ipinalabas dito ang mga pelikulang tinampukan ng kanyang mga *scripts* tulad ng: Himala, Salome, Gumapang Ka Sa Lusak, Anak, Muro Ami, at *Memories of Old Manila*. Tinangkilik ito at pinanood ng mga mag-aaral mula sa iba't-ibang mataas na paaralan sa Camarines Norte.

Ang naturang *Scriptwriting Workshop* at *Ricky Lee Film Festival* ay bahagi ng *World Arts Experience* na pinangasiwaan ng *Municipal Government of Daet*.

Noong Mayo 2, ika-10 ng gabi, naging *featured artist* si Lee sa programang ***"Balikbayan"*** ni Drew Arellano ng *QTV 11* kung saan ang ilang eksena ay kinunan sa Provincial Library. Isinalarawan dito si Ricky Lee bilang batang ipinanganak at lumaki sa bayan ng Daet na nangarap, nagsikap, nagtagumpay at nagbalikbayan. ***DC DIME***




# Summer Youth Camp isinagawa

## pangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman ipinamulat sa isipan ng mga kabataang dumalo rito

*"Ikinagagalak at karangalan ng aming tanggapan na makapagbahagi ng mga kaalaman tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman"*, ito ang sinabi ni Christopher T. Obra, *Environmental Management Specialist I* ng *Office of the Governor - Ecosystem and Environmental Resource Management Division (G.O.-EERMD)* sa pagsisimula ng kanyang pagtalakay tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman sa *Summer Youth Camp* naisinagawa sa Brgy. Pambuhan, Mercedes, Camarines Norte noong Mayo 9, 2008.

Sa liham-paanyaya na may petsang Abril 28, 2008 ni Ms. Teresita M. dela Cruz, *Municipal Social Welfare Officer* ng bayan ng Mercedes kay Gobernador Jesus O. Typoco Jr.

Si Obra bilang kinatawan ng hepe ng *EERMD* na si Engr. Leopoldo P. Badiola ay nagbigay ng *lecture* tungkol sa *environmental protection* at *global warming* sa nabanggit na *youth camp* kasama si Levy Lopez .

Pagkatapos ng naturang talakayan, isinagawa ang isang *poster-making contest* na may temang kaugnay sa pagmamahal sa kapaligiran kung saan isa rin si Obra sa mga napiling hurado. Layunin nito na lalong makintal sa murang isipan ng mga kabataang dumalo ang kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran.

Sa pamamagitan ng *Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO)*, itinaguyod ng pamahalaang bayan ng Mercedes ang nasabing *summer youth camp* noong Mayo 5-10, 2008. Dinaluhan ito ng mga *out-of-school youths (OSYs)* mula sa 12 barangay ng Mercedes na kinabibilangan ng Pambuhan, Tarum, Colasi, Masalong-salong, Matoogtoog, Quinapaguian, at iba pa.



**Mr. Cris Obra**
Env. Mgmt. Specialist I

Ang pagbibigay ng mga kaalaman at impormasyon tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran at likas na yaman ay kabilang sa mga programang pangkalikasan ng pamahalaang panlalawigan na ipinatutupad nito sa pamamagitan ng *G.O.-EERMD*. ***GONZALO C. BINAY***



*Ang ilan sa mga dumalo at lumahok sa Summer Surf 2008 sa Bagasbas Beach kung saan nagkaroon ng surfing clinic ang mga lokal na samahan ng mga surfers dito sa lalawigan. Ang surfing clinic na ito ay itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamumuno ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr at pinangasiwaan ng Provincial Tourism Office sa pamumuno ni Provincial Tourism Officer-Designate Edgardo "Boy" Reyes.*

# EDITORYAL

## PAGBIBIGAY-PANSIN SA KAPALIGIRAN SA MERCEDES, KAPURI-PURING HAKBANG

**Hindi maikakaila sa bayan ng Mercedes ang kalat na samu't saring basura na makikita kahit saan. Pumunta ka sa pandawan at tambak ang napakaraming uri ng plastic na ginamit ng mga taong nagsisipuntahan doon upang mamilí ng mga bagong isdang huli dala ng mga basnig ó mga bangkang pangisda roon. Kahit saang bahagi ng tabi ng dagat makikita rin ang nagkalat na bunot ng niyog, mga putol na bahagi ng punongkahoy, mga tetrapack, pira-pirasong styrofor, basyo ng bote, *plastic containers* at marami pang iba na *eyesore* sa sinumang bumibisita rito. Tingnan ninyo ang mga drainage canal, ang dumadaloy ay maiitim na burak na maaaring magdulot ng iba't ibang uri ng sakit sa tao. Subali't lahat nang ito'y ang mga tao lang na pumupunta roon kabilang na ang mga naninirahan doon, ang may kagagawan.**

**Subali't isang bagay na kapuri-puri ang hakbang na ginawa ni Municipal Social Worker Teresita M. dela Cruz na siya pang nagpasimuno sa pagkakaroon ng *summer youth camp* na nakatuon ang gawain sa pagbibigay-pansin sa pangangalaga ng kapaligiran at likas na yaman, na dinaluhan naman ng mga taga Brgy. Pambuhan, Tarum, Colasi, Masalong-salong, Matoogtoog, Quinapaguian kung saan ang mga lugar na ito mismo ay mapagkikitaan din ng mga kalat na balat ng niyog, mga lata, bakanteng plastic containers, at iba pa. Ang pruweba ay tuwing sila'y manghuhuli ng isda, mas marami pa ang basurang sumasama sa lambat kaysa sa mga isda ó lamang dagat na mismong kabuhayan nila.**

**Sana naman, marami pang Ms. de la Cruz sa bayan ng Mercedes at maipagpatuloy pa ang ganitong uri ng gawaing makapagpapakita ng tunay na pagmamalasakit sa kapaligiran; ang maipaunawa sa ating mga mamamayan na lahat ay dapat kumilos upang mapangalagaan ito; na sa kabila ng pagpupumilit ng ating pamahalaan na magkaroon ng mga batas na pipigil sa ating mga mamamayan sa pagkakalat ng basura, paglalatag ng mga pamamaraan sa pagkalinga sa kapaligiran, bale wala lahat ito kung tayo mismong mga mamamayan ang hindi magkakaroon ng disiplina at pagmamalasakit dito. Dapat ding maunawaan ng ating matatanda na sumasalaula sa kapaligiran na hiram lamang natin ito sa mga kabataan na may karapatan ding maranasan ang isang malinis, mayaman, at mapagkalingang kapaligiran. Dapat ding malaman ng bawa't isa, na anumang ating ikinalat o itinapong basura, babalik at babalik iyan sa atin sa paraang tayo rin ang daranas ng kalupitang dala nito – maaaring sa anyo ng isang kalamidad na sa ngayon ay atin nang dinaranas, iba't ibang uri ng sakit, tag-gutom sapagka't na-pollute ó nalason na ang pinagkukunan natin ng pagkain. Tandaan, ang pamahalaan ay nagbibigay lang ng direksyon, at epektibo lang, kung may pagsuporta ang mga mamamayan.**

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan




1) Ang mga Provincial Government Scholarship grantees na sina John Jefferson Velasco, Jovelyn Florece, Mary Grace de Vera at Adrian Christopher Yaneza na nagsipagtapos bilang cum laude sa Mabini Colleges at CNSC nang tanggapin nila ang kanilang certificate of commendation mula kina Gob. Jesus O. Typoco, Jr., Purita P. Briñas-PGSP Program Officer/CAO IV at Marcial P. Ferrer ng CAO at director ng CANORECO ; 2) Nang mag-courtesy call ang Nat'l at Reg'l Tech. Committees sa SP kaugnay ng Search for Outstanding PAFC kung saan Regional Winner at national finalist ang Camarines Norte; 3) Ang panunumpa kay Mayor Winnie Oco ng bagong talagang pangulo ng Liga ng mga Punong Barangay sa bayan ng Labo na si PB Restutiles P. Glipo ng Brgy. Bayabas na pumalit sa namayapang PB Ruben Acal. Kabilang din sa larawan sina Vice Mayor Dindo V. Pardo, DILG PD Robin Mercado, MGOO Maridel Verroza, Bong Quibral at Gob. Typoco, Jr. ; 4) Bumisita sa tanggapan ni Gob. Typoco, Jr. sina Katherine de Castro at Uma Khouny ng programang "Trip na Trip" ng ABS-CBN kaugnay ng Summer Surf 2008 na ginanap sa Bagasbas Beach na itatampok nila sa kanilang programa SA Hunyo 13, 2008 upang maipakilala ang ilang tourist destinations dito sa Camarines Norte. Kasama nila sa larawan si Provincial Tourism Officer-Designate Edgardo "Boy " Reyes.








Sugpuin ang CHILD TRAFFICKING

# Seminar-Workshop on Basic Journalism itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan at PIA RO5

Itinaguyod kamakailan ng pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte ang 3-araw na *Seminar-Workshop on Basic Journalism* na dinaluhan ng mga kinauukulang *information officer-designates (IODs)* mula sa iba't-ibang tanggapan dito.

Layunin nito na magkaroon ng sapat na kaalaman at kasanayan ang mga *IODs* sa iba't-ibang paraan at estilo sa pagsusulat ng mga balita na ambag nila sa buwanang publikasyon ng **Batingaw**. Pangunahing layunin nito na lalo pang maiangat ang kalidad ng **Batingaw** sa pamamagitan ng *development communication*.

Samantala, lumahok din sa naturang pagsasanay sina Janice Espiritu ng *National Statistics Office (NSO)*, Christian M. Espiritu at Evelyn Riberta na mga guro mula sa *Department of Education (DepEd)*, at; P01 Sheralyn



Mrs. Aida Alcazar-Naz

B. Samonte at PO1 Marlon A. Lladoc ng CNPPO.

Naging pangunahing tagapagsalita sa naturang *seminar-workshop* si Aida Alcazar-Naz, *chief, research division/ training officer* ng *PIA Regional Office No. 5* na pinamumunuan ni *Regional Director* Eduardo de Leon. Nakatuwang rito sina *PIA CN Provincial Head* Reynaldo de Leon at Liezl Macatangay na mula naman sa *PIA Camarines Sur*.

Tinampukan ito ng *lecture/open forum* ukol sa *development communication; news, feature* at *editorial writing; basic lay-out, basic newspaper management* at ang *Media Ethics*.

(Sundan sa pahina 7)

# Opisyal na pahayag ng DOH sa pagbabawal sa foreign transplants

Susog sa direktiba ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, iniaanunsyo ngayon ng *Department of Health (DOH)* ang pangkalahatang pagbabawal sa *foreign transplants*. Sa ilalim ng direktibang ito, ang lahat na dayuhan ay hindi na papayagang makakuha ng anumang parte ng katawan mula sa mga Pilipinong nagkakaloob nito.

Ipinalabas ang naturang direktiba sa panahong ang gobyerno ng Pilipinas ay naharap sa *ethical and moral imperative* para maprotektahan ang mga Pilipino, partikular ang mga mahihirap, mula sa iligal na pagbebenta ng mga panloob na bahagi ng kanilang katawan *(internal organs)*.

Sa unang bahagi ngayong taon, inilabas ng *DOH* ang *Administrative Order (AO) No. 2008-04*, na mas kilala bilang *Revised National Policy on Living Non-related Donor and Transplantation and its Implementing Structures Attending AO No. 124, series of 2008*. Itinatakda ng naturang *revised AO* ang mga *general guidelines* at *ethical principles* kung saan ang pagbibigay ng donasyon at pagsasagawa ng paglilipat ng parte ng katawan *(transplantation)* na mula sa *donor* na hindi kapamilya ay pinangangasiwaan at niri-*regulate*.

Sa mga nakalipas na taon, naiulat ang mataas na bilang ng *kidney transplants* na isinagawa sa mga dayuhang pasyente na ang mga 'bato' *(kidney)* ay mula sa mga Pilipinong hindi nila kapamilya o kaibigan man lang, karamihan ay mula sa mga mahihirap na komunida.

Mula sa taong 2002 tumaas ito ng 62% sa taong 2006. Napuna rin na lumagpas sa 10% limi-

(Sundan sa pahina 9)



# 1st Regional Consultative Forum and Conference on Civil Registration ginanap sa Daet

Ginanap sa *Villa Mila Convention Hall*, Daet, Camarines Norte ang *1st Regional Consultative Forum and Conference on Civil Registration* noong Abril 24-25, 2008 na itinaguyod ng *Bicol Association of Civil Registrars (BACR)*.

Dinaluhan ito ng may 141 *city/municipal mayors, city/municipal civil registrars (C/MCRs)* at kanilang mga piling kawani at mga kagawad ng Sangguniang Bayan ng iba't-ibang bayan mula sa mga lalawigan ng Albay, Camarines Norte, Camarines Sur, Catanduanes, Sorsogon at Masbate.

Tampok sa nasabing 2-araw na *consultative forum* ang paglagda ng *Memorandum of Understanding (MOU)* sa pagitan ng *National Statistics Office (NSO)* at mga *local government units (LGUs)* na sinaksihan ni Luchie Flores, pangulo ng *Philippine Association of Civil Registrars* gayundin ng mga *city/ municipal mayors, at C/ MCRs*. Si Flores din ang siyang *Caloocan City Civil Regisrar*

Nakapaloob sa naturang kasunduan ang pagpapahintulot sa mga *C/MCRs* na makapag-isyu ng kopya ng *birth, marriage* at *death certificates* gamit ang *security paper (SECPA)* susog sa *terms* at *conditions* na itinatakda ng naturang *MOU*.

Naging panauhing pandangal dito sina *Division Chief* Lito Ros ng *Department of Budget and Management (DBM) Regional Office*-Legazpi



Mr. Rudy Guevarra
NSO Chief, Daet

City, at *Assistant Regional Director* Eloisa

(Sundan sa pahina 9)

***Ang Seminar-Workshop on Basic Journalism na isinagawa sa Audio Visual Production Center ng pamahalaang panlalawigan na nilahukan ng mga information officer-designates mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan na pinangasiwaan ng Philippine Information Agency RO V at Camarines Norte Provincial Office. Nagpaabot ng mensahe rito si Gob. Typoco sa pamamagitan ni Provincial Administrator Napoleon Malaluan sa opening program na isinagawa kaugnay ng naturang seminar-workshop.***




## Seminar...

*(Mula sa pahina 6)*

Nagkaroon din ng *workshop* para sa *data gathering, editorial writing* at *basic lay-out* presentasyon ng mga nagawa *(output)* ng lahat na kalahok sa pagsasanay.

Sa pagtatapos ng pagsasanay, pinagkalooban ng *certificate of completion* ang mga kalahok na nakapagsumite ng lahat na *outputs* at *certificate of participation* naman para sa hindi nakapagsumite ng kumpletong *outputs*.

Bilang karagdagan, ito ay isinagawa ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Community Affairs Office (CAO)* na pinamumunuan ni *Community Affairs Officer IV Purita P. Briñas* at sa pakikipagtulungan ng *Philippine Information Agency (PIA) Camarines Norte Provincial Office* at *PIA RO5*. ***LORENA T. IBASCO***

## Mga opisyal ...

*(Mula sa pahina 1)*

kanilang mensahe para kay Gob. Typoco ang kanyang mga malalapit na kaibigan.

Nagpatingkad din sa pagdiriwang ng kaarawan ni Gob. Typoco ang isang engrandeng *fireworks display na isinagawa* sa tapat ng kanyang tahanan sa Brgy. Bagasbas. *–**LMPQ***

## 1st Bagasbas...

*(Mula sa pahina 1)*

Legazpi City at Naga City para makilahok dito.

Nakapaloob sa naturang gawain ang *surfing clinics* na pinangasiwaan ni Joey Cuerdo, *DOT event coordinator* at may-ari ng *Power-Up Gym*. Nakatulong niya rito ang *Camarines Norte Surfers' Association* na pinamumunuan ng pangulo nito na si Owen Andrade.

Isinagawa rin sa 2-araw na aktibidad ang *wall climbing, beach volleyball* at *ultimate Frisbee* na magkatuwang na itinaguyod ng *Department of Tourism (DOT)* at Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Ipinahayag naman ni *Tourism-Officer Designate* Edgardo Reyes na ang Bagasbas Beach ay angkop na lugar para sa mga nagsisimula pa lamang mag-aral ng *surfing*. Malalaki ang alon nito at sakaling bumagsak ang mga *surfing beginners*,

*(Sundan sa pahina 9)*

## Desisyon ng Korte Suprema...

*(Mula sa pahina 10)*

pasuso sa mga sanggol *(breastfeeding campaign)*.

Samantala, hindi lamang mga *infant formulas* kundi pati mga *milk substitutes* para sa may edad na kabataan *(older children)* ang nasasakop ng *Milk Code*.

Lahat din ng bagay na gagamitin ng mga kumpanya ng gatas *(milk company)* para sa pagpapakilala at pagbebenta *(advertising and marketing materials)* ng kanilang produkto ay susuriin muna ng *Inter-Agency Committee (IAC)*, bago ilantad sa publiko.

Wala ring anumang *milk company* ang maaaring mag-isponsor ng mga gawaing pangkalusugan kasama na ang mga kampanya, kumperensya, at *seminars and classes* na nauukol para sa mga kababaehan at kabataan. Wala ring sinumang *health worker* ang maaa-ring magpakilala o magbenta ng anumang *infant formula* at iba pang *milk products and devices*.

Ipinagbabawal din ang paglalagay ng anumang babasahin o kagamitan sa alinmang *health facilities* na madaling makita at makaakit sa interes ng mga pasyente na tangkilikin ang mga produktong pamalit sa gatas ng ina *(breastmilk substitutes)*.

Maaari namang magbigay ng donasyon ang mga *milk companies* kung ito ay hiniling at pinahintulutan naman ng *DOH*. Binigyang-diin din sa nasabing *Milk Code* na walang sinumang kinatawan mula sa *milk industry* ang maaaring maupo sa *policy-making bodies*.

Pinasalamatan naman ng DOH ang Korte Suprema at lahat na mga kinauukulang tanggapan, ahensya at samahan na sumuporta upang maipanalo nila ang laban kontra sa mga *milk companies*.

Binigyang-diin ng DOH na talagang walang makakatumbas sa sustansya ng gatas ng ina at walang produktong maaaring ipalit dito. ***LT IBASCO***

## Populasyon...

*(Mula sa pahina 2)*

Capalonga, 29,683; Talisay, 22,942; San Lorenzo Ruiz, 12,299, at; ang San Vicente na may pinakamaliit na populasyon na 9,615.

Umabot sa 43,131 ang nadagdag sa populasyon ng lalawigan kumpara sa resulta ng *survey* noong 2000 na may kabuuang bilang na 470,654. Kung kukuwentahin, 6,162 ang taun-taong naidaragdag sa populasyon ng lalawigan na nagresulta sa tinatayang *growth rate* na 1.31%.

Sa 12 bayan dito, ang Daet ang may pinakamataas na dagdag sa populasyon na umaabot sa 13,552; sumunod ang Labo na 6,699; Paracale, 4,403; Capalonga, 3,106; Jose Panganiban, 2,964; Basud, 2,878; Mercedes, 2,662; Sta. Elena, 2,422; Vinzons, 1,760; Talisay, 1,433; San Vicente, 631, at San Lorenzo Ruiz, 621.

Napakahalaga at kailangang-kailangan ang mga naturang datos na ginagamit na basehan ng mga kinauukulang tanggapan at ahensya sa pagbalangkas ng mga plano at programa hindi lamang ng pamahalaang panlalawigan, kundi maging ng pamahalaang nasyonal man para sa iba't-ibang sektor ng lipunan.

Karaniwan din itong ginagamit na basehan upang mapahintulutan ang panukala ng mga lokal na opisyal ng pamahalaang panlalawigan sa pagbuo *(creation)* ng dalawang distrito sa Camarines Norte.

Kung maaaprubahan ang panukalang ito at maipatutupad, magkakaroon ng karagdagang pundo ang lalawigan mula sa pamahalaang nasyonal na magagamit para maisaayos ang mga pangunahing imprastraktura rito tulad ng mga *farm-to-market roads*, tulay at iba. Maaari rin nitong tustusan ang mga proyektong pangkabuhayan para sa mga mahihirap, serbisyong-medikal, at iba pa na magiging daan para maiangat ang antas ng kabuhayan ng mga mamamayan ng lalawigan ng Camarines Norte.

Samantala, tanging ang kabuuang bilang pa lamang ng populasyon ng bawa't bayan ang nakalagay sa ipinalabas na resulta ng *survey* ng *NSO*. Ang ibang detalye tulad ng bilang ng populasyon ng mga babae/lalake, sambahayan *(households)*, *growth rate*, at iba pa ay ipalalabas pa lamang sa mga susunod na linggo, ayon kay Gng. Susie Liwag-Salgado, *Statistician II* ng *NSO Daet*. ***MARILYN P. ASIS***

# Jobs Fair...

(Sundan sa pahina 2)

naturang *jobs fair*. Sa kabuuang bilang na ito 2, 711 ang bakanteng trabaho para sa ibayong-dagat *(overseas)* at 1,792 naman ang para sa lokal na trabaho.

Ang mga *recruitment agencies* na dumating dito ay ang sumusunod: apat (4) sa *overseas:* ang *Grand Placement, ang General Services Corporation, Bridgewood Human Resources Corporation, Reliable, at Emerald*; at walo (8) sa local: ang *South Star Drug Inc., Sincere, Motortrade, Sto. Cristo Marketing Corporation, Filway, EEI Corporation, Intertrade Credit Corporation* at *Pan Century Surfactants*.

Karamihang trabaho na inihahain sa ibang bansa ay mga *factory worker*, mekaniko, *heavy equipment operator, driver, electrician, painter, waiter/ waitress, cook* at iba pa.

Layunin ng *PESO* na matulungang makahanap ng mapapasukang trabaho ang mga mamamayan dito sa lalawigan, lokal man o sa ibayong dagat upang maging produktibo at maitaguyod ang kanikanilang pamilya.

Taun-taon itong isinasagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Planning and Development Office* na pinamumunuan ni Arch. Madonna Abular, PPDC at pinangangasiwaan naman ng kanyang staff na si Ms. Nida N. Tosoc, *Statistician III* at nakatalagang *Public Employment Service Office (PESO) Manager*.

Dumating din sa lalawigan si Ms. Nelia Barbadillo, *DOLE Regional Director* na personal na tumulong sa pagrebisa ng mga papeles ng mga aplikante.

Sinagot naman ng Pamahalaang Panlalawigan ang *accommodation expenses* ng mga *recruitment agencies* at iba pang kaukulang gastusin kaugnay ng naturang *jobs fair*.

Marami na ang nakapagtrabaho sa labas ng bansa sa pamamagitan ng ganitong gawain.

Kamakailan lang ay nakaalis patungong *United Arab Emirates* si Engr. Nestor M. Obusan II ng Vivencio Street, Brgy. 2, Daet na nagtatrabaho na ngayon bilang *Safety Officer* sa *Arab Technical Construction Company (ARASTEC)*.

Nag-aplay siya sa kompanyang *East West Placement Center, Inc* na siyang nagpadala sa kanya sa ibang bansa.

Si Obusan ay dating empleyado ng Pamahalaang Panlalawigan na nakatalaga sa *Provincial General Services Office (PGSO)* na piniling makipagsapalaran sa ibang bansa.

Sa tulong ng *jobs fair* at *special recruitment program*, nakapagtrabaho rin bilang *factory workers* sa bansang Taiwan sina Melvin A. Gardoña ng Purok 3 Manguisoc, Mercedes; Rodolfo V. Abanes ng Purok 3 Borabod, Daet; Ma. Elisa N. Villacruz ng Palanas, Paracale; Lawrence A. Cu ng P-1 Borabod, Daet; at Arnie R. Zamudio ng Poblacion 2, Basud. Nakaalis naman si Josephine R. Lucerna bilang *nurse maid* at Joseph C. Santos bilang *food server* sa Dubai; at marami pang iba. *MARILYN P. ASIS*

# Special Program...

(Mula sa pahina 10)

na mga mag-aaral ang nagsumite ng kanikanilang aplikasyon.

Sa naturang bilang, 145 ang kumuha ng pagsusulit at 61 ang nakapasa. Ang mga nakapasang ito ay dumaan sa *interview* at muling sinala kung saan 51 sa kanila ang napili. Apat (4) sa kanila ang pangatlong pagkakataon nang makapagtatrabaho na tinatawag na *SPES babies*, 12 ang nasa pangalawang pagkakataon na, samantalang 35 naman ang mga baguhan pa lamang.

Sila ay tatanggap ng sweldong P215.00 kada araw kung saan ang 40% o P86.00 ay babayaran ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* sa pamamagitan ng *Education Voucher* na tatanggapin nila isang buwan pagkatapos ng trabaho bilang *SPES* dahil pina-*process* pa ito sa tanggapan ng *DOLE* at ang 60% o P129.00 ay babayaran naman ng Pamahalaang Panlalawigan.

Ang mga *SPES recipients* ay itinalaga sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan para doon magtrabaho. Sila ay nasa superbisyon ng mga hepe ng mga opi-sina kung saan sila ay nakatalagang maglingkod sa oras ng trabaho.

Opisyal na nagsimula ang trabaho ng mga bagong *SPES recipients* noong Abril 17 at nagtapos noong Mayo 15, 2008. Natapos naman noong Mayo 29, 2008 ang trabaho ng tinatawag na mga *SPES babies.*

Ang *SPES* ay tauntaong isinasagawa ng pamahalaang panlalawigan bilang pagtalima at suporta sa *Republic Act 7323* na naglalayong matulungan ang mga mahihirap subalit magagaling na mag-aaral upang makapagpatuloy sa kanilang pag-aaral sa kolehiyo. *MARILYN P. ASIS*




***Ipinaabot ni Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan ang mensahe ni Gob. Jesus O. Typoco Jr. sa closing program ng 2008 Summer Workshops na isinagawa sa Atrium ng Central Plaza Mall (CPM); Pinangasiwaan ni Abel C. Icatlo, Museum Curator I ng MASCD-G.O. ang naturang programa; Sa pamamagitan ng showcase of talents and recital ay ipinakita ng mga kabataan ang kanilang mga natutuhan sa larangan ng pag-arte sa teatro (theater arts), mga katutubong sayaw (folk dance) at paggigitara. Naka-display naman sa ground floor ng CPM ang mga likhang larawan ng mga kabataang lumahok sa painting workshop.***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| (casual) Driver | | | | 1 | PGCN | Elementary School Graduate | None required | None required | Driver License (MC 11, s. 96-Cat II) | |
| Medical Officer IV | 4058 | 20 | | 2 | PHO | Doctor of Medicine | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | R.A 1080 | |
| Revenue Collection Officer | 5025 | 5 | | 1 | Prov'l. Treasurer's Office | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C. S. Subprofessional | |

***(SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# 492 pasaporte naiisyu

## sa *single mobile passport activity* sa Camarines Norte; pinakamataas na naitala sa kasaysayan ng DFA RCO sa loob ng 18 taon

Umabot sa 492 pasaporte ang naaprobahan para maisyuhan ng bagong *machine readable passport* ng *Department of Foreign Affairs Regional Consular Office V (DFA RCO), Legzpi City* sa *single mobile passport activity* na isinagawa nito sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center, Provincial Capitol, Daet, Camarines Norte* noong Abril 3-5, 2008.

Ito lamang ang naaprobahan at nai-isyung pasaporte mula sa mahigit 500 *passport applications* na nai-proseso

Ayon kay *DFA Regional Director Rodel P. Albello*, ito ang pinakamataas na *passport production* na naitala sa kasaysayan ng *DFA RCO V* sa loob ng 18 taon.

Kaugnay nito, pinapurihan niya ang inisyatibo ni Nida Tosoc, *Provincial Public Employment Service Officer (PESO) Manager* at *Statistician III* ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*.

Ipinaabot din ni RD Albello ang kanyang taus-pusong pasasalamat at pagkilala sa patuloy na suporta ni Tosoc sa *Mobile Passport Service Program (MPSP)* ng *DFA RCO* na itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna ni Gobernador Jesus O. Typoco Jr.

Idinagdag pa niya na mananatili sa kanyang alaala ang kabutihan ng mga opisyal dito at ang magandang karanasan nila sa katatapos na *passport activity* noong Abril 3 -5, 2008.

Isinasagawa ng *DFA RCO* ang *MPSP* hindi lamang sa pamahalaang panlalawigan kundi maging sa ilang bayan sa Camarines Norte na humihiling nito sa kanila.

Marami ang nag-aaplay rito sapagkat kailangan lamang nilang magbayad ng *processing fee* na P750.00 at konting pamasahe. Nakatitipid ang mga nag-aaplay rito sapagkat hindi na sila gagastos ng malaki para sa pamasahe at pagkain kung magtutungo sila sa DFA RCO sa Legazpi City.

Para sa impormasyon ng mga aplikanteng kukuha pa lamang ng pasaporte sa unang pagkakataon (*first time passport applicant*), narito ang listahan ng mga *requirements* na kinakailangan:

1) Personal na paghahain ng aplikasyon, 2) dalhin ang napunang porma ng aplikasyon, 3) katibayan ng kapanganakan na iniisyu ng *National Statistics Office (NSO) (birth certificate in security paper)*, 4) 3 kopya ng *colored photos* na kinunan gamit ang *royal blue background*, disenteng damit na may kuwelyo ang suot, at maganda ang kalidad ng larawan na may sukat na 4.5 *cm* x 3.5 *cm*. Karapatan din ng *DFA* na hindi tanggapin ang mga larawan na hindi nakatugon sa itinatakda nitong *specifications* at *international standards*, 5) 2 *valid identification cards* (IDs) o anumang katibayan ng mapagkikilanlan/dokumentong makapagpapatunay kung saan nakasaad ang buong pangalan ng aplikante, petsa at lugar ng kapanganakan at citizenship, at 6) Para sa mga babaeng kasal na at nais gamitin ang apelyido ng kanilang asawa, kailangan nilang isumite ang katibayan ng pagpapakasal (*marriage contract in security paper*) na inisyu ng *NSO*.

Para sa mga nais mag-*renew* ng pasaporte, kailangang personal nilang dalhin ang kanilang lumang pasaporte at ang *photocopy* ng *inside* at *back cover* at ang mga pahina kung saan makikita ang kasalukuyang (*latest*) *Bureau of Immigration departure and arrival stamps*.

Kailangang personal na mag-aplay ang sinumang nais mapalitan ang nawala nilang pasaporte. Kung ang nawala nilang pasaporte ay may bisa pa rin (*valid*), kailangan nilang magsumite ng ulat ng pulis (*police report*). Kailangan din nilang isumite ang mga dokumento na hinihingi para sa mga *first time passport applicants*. ***LT IBASCO***

# 1st Bagasbas...

(Mula sa pahina 7)

buhangin ang kanilang tiyak na babagsakan hindi katulad sa ibang *beaches* sa bansa na mabato at maraming matutulis na korales ang ilalim na bahagi.

Ang naturang gawain ay bahagi ng *Adventure Philippines Campaign* ng *DOT* na layuning maiangat ang antas ng kaalaman at kamalayan ng mga mamamayan sa kahalagahan ng turismo tungo sa pag-unlad ng ekonomiya ng mga pamahalaang lokal at ng bansa sa kabuuan.

Isinusulong din ng naturang kampanya na maipakilala ang mga *adventure destinations* dito sa Pilipinas at maging sa Asya man.

Una rito, hiningi ni Gobernador Jesus O. Typoco Jr. sa lahat na mga kinauukulan ang kanilang pakikiumisa at maging maayos ang kanilang pagtanggap at pakikisalamuha sa mga bisitang nagtutungo rito para muli't-muli silang bumabalik dito sa Camarines Norte. ***LT IBASCO***

# Opisyal na pahayag ng DOH...

(Mula sa pahina 6)

tasyon para sa mga *foreign transplants* ang karamihan sa mga ospital na nagsasagawa ng *transplant*, akreditado man siya ó hindi akreditadong ospital *ng DOH*.

Ngayon, binibigyang-diin ng pamahalaan ng Pilipinas ang mandato nito na protektahan ang pinakamahihirap at *most vulnerable sectors* ng ating pamayanan bilang pagsunod nito sa *International Ethical Standards* at sa *WHAO Resolution*, na nagbabawal sa *International Trafficking and Commercialization of Human Tissues and Organs.*

Muli namang ipinahayag na ang *organ transplants* ay hindi bahagi ng *Philippine Medical Tourism* at ang pagbibigay ng bahagi ng katawan (*organ donation*) ay isinusulong lamang para sa mga may-sapat na kaalaman (*well-informed*), *free-willing* at makataong *donor* na hindi nahikayat dahil sa pabuyang pera ó *improper/unethical inducements*.

Ang lahat na ospital at pasilidad na nagsasagawa ng *organ transplant* at mga *medical practitioners* na mapatutunayang lumabag sa direktibang ito ay mananagot sa ilalim ng *Anti-Trafficking in Persons Act (RA 9208)*. Gayundin, ang mga mapanlinlang na mga organisasyon at *business outfits* na nagsasabing kasama ng *DOH* sa komersyalisasyon ng *organ transplants* na nagtatago sa ilalim ng *medical tourism* ay mahaharap sa mga angkop na multa/parusa at limitasyon.

Patuloy namang paiigtingin ng *Philippine Board of Organ Donation and Transplantation* ang mga pamamaraan para




matiyak na mabibigyang-proteksyon ang mga Pilipinong nagbibigay ng bahagi ng kanilang katawan *(organ donors).*

Ang pamahalaan naman ng Pilipinas sa pamamagitan ng *DOH* ay bibigyang-atensyon din ang pagsusulong ng programa para sa pagbibigay ng bahagi ng katawan ng mga kamamatay lamang *(deceased organ program)* at paglilipat ng bahagi ng katawan mula sa mga buhay na *donor* na kamag-anak *(organ transplantation from living related donors)*. ***Source: ASIA ACTS***

# 1st Regional Consultative Forum...

(Mula sa pahina 6)

Pastor *ng Department of Interior and Local Government (DILG) Regional Office*-Legazpi City.

Sa kanilang talumpati, ipinahayag nila ang suporta at kooperasyon sa mga proggrama at proyekto ng *BACR* na pinamumunuan ng pangulo nito na si MCR Renato Esquilona ng Aroroy, Masbate, at pangalawang pangulo na si MCR Arnilo Barrameda ng bayan ng Basud, Camarines Norte.

Nagbigay naman ng *updates on civil registration* ang mga opisyal ng *NSO Manila* na sina *Director* Lourdes J. Hufana ng *Civil Registration Department*, at Joseph Cajita, *Birth Registration Project Coordinator.*

Natugunan din sa kumperensya ang mga isyu at problemang kinakaharap ng mga *local civil registrars (LCRs)* sa pagpapatupad ng mga programa at alituntunin ukol sa *civil registration*.

Nagkaroon din ng *open forum* sa pagitan ng mga *C/MCRs* at mga kinauukulang tagapagsalita mula sa *Philhealth, Social Security System (SSS), Professional Regulations Commission (PRC)*, at *Government Service Insurance System (GSIS)*.

Inilahad naman ni *Caloocan City Civil Registrar* Luchie Flores ang kanyang *biennial report* sa ikalawang araw ng kumperensya.

Binanggit ni Flores na siya ring pangulo ng *Philippine Association of Civil Registrars (PACR)* ang mga panukalang *legislative measures* katulad ng *House Bill No. 1399* na tinatawag na *'Magna Carta for Civil Registry Personnel"*, *House Bill No.* 2166 o ang *"Petition to Correct Clerical Error in the Entry for Age and Gender of a Person"*, at *House Bill No. 0308* na mas kilala bilang *"An Act Allowing Legitimation to Children Born Outside of Wedlock of Parents Who were Disqualified to Marry Each Other by Reason of Minority.*

Lahat nang nabanggit na mga panukalang batas ay kasalukuyan pang dumaraan sa masusing pagdinig ng mga kinauukulang komitiba sa Kongreso at Senado bago maaprubahan at tuluyang maging ganap na batas.

Maayos at matagumpay na naidaos ang naturang *forum* at kumperensya sa pangunguna ng *BACR* at sa pakikipagtulungan ng *NSO Provincial Office* na pinamumunuan ni Rodolfo B. Guevarra at ng *Camarines Norte Civil Registrars League (CANOCREL)* sa pangunguna ng kanilang pangulo na si Arnilo Barrameda, MCR ng bayan ng Basud. ***JANICE ESPIRITU, NSO***



BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN
TAON 7, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MAYO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

COME AND WITNESS!!
the
SHOWCASE OF TALENTS & RECITAL
a culminating activity of the
2008 Summer Workshops
and opening of
Likha, Larawan at Liwanag
(A Visual Arts Exhibit Year IV)
Basahin sa pahina 7

# Special Program for the Employment of Students (SPES) isinagawa muli

Muling nagsagawa ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ng pagpili ng mga kwalipikadong mag-aaral na magiging *reci-pients* ng *Special Program for the Employment of Students (SPES)* ngayong taong 2008.

Layunin nito na patuloy na matulungan ang mga mahihirap subalit matatalinong mag-aaral dito sa Camarines Norte upang maipagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral sa darating na pasukan sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho sa kanila tuwing bakasyon.

Ngayong taon, 178

(Sundan sa pahina 8)




***Ang Awarding of Certificates of Eligibility na ginanap sa Audio Visual Production Center (AVPC) ng Kapitolyo Probinsyal noong Mayo 23, 2008 kung saan personal na ipinamahagi ni CSC Prov'l Dir. Elizabeth B. Mateo ang nasabing mga sertipiko. Dumalo rin sa naturang programa si HRMO IV Ed Baracquiel, CAO Purita P. Briñas na nagbigay ng Inspirational Message, Daet HRMO III Genedina B. Babala, at CSC Personnel Specialist Vangie S. Javate.***

# Desisyon ng Korte Suprema pabor sa kampanya ng DOH sa pagpapasuso ng ina sa mga sanggol (breastfeeding campaign)

Pinuri ng *Department of Health* (DOH) ang mga samahang lokal at pang-internasyonal na sumusuporta sa kampanya sa pagpapasuso ng ina (*(international and local breastfeeding advocates)* sa kanilang sanggol dahil sa kanilang mga pagsisikap na nagresulta sa panalo ng DOH laban sa mga gatas na de bote.

Sa desisyon ng Korte Suprema kamakailan, sinuportahan nito ang karapatan ng Estado na protektahan ang kalusugan ng mga mamamayan nito sa pamamagitan ng pagkontrol nito sa promosyon at pagbebenta ng mga gatas para sa mga sanggol *(infant formulas)* at iba pang produktong pamalit sa gatas *(milk substitute products)*.

Ngayon higit kailanman, kailangan nating maging maingat at mapagbantay sa pagpapatupad ng 53 sa 56 probisyon ng *Revised Implementing Rules and Regulations of the Milk Code* bilang suporta sa kampanya sa pagpa-

(Sundan sa pahina 7)